# Ang Sagradong Espasyo ng Pananalangin at Pagnonobena: Papel sa Pagpapanatili ng Pananampalatayang Katoliko-Kristiyano ng mga Pilipinong Manggagawa sa Bansang Di Kristiyano

Dorothy P. Javier-Martinez, Ed.D.[1,*] and Robert P. Martinez[2]
[1] *Theology and Religious Education Department, De La Salle University*
[2] *Aloft Builders Pte. Ltd., Singapore*
**dorothy.martinez@dlsu.edu.ph*

**Abstrak:** Itinuturing na walang saysay ang pananampalatayang hindi isinasabuhay, at isang hamon ang pagsasakilos ng pananampalataya kung ang kapwang nakapaligid ay may ibang paniniwala. Sinikap siyasatin ng papel na ito ang naging gampanin ng pagpunta sa mga sagradong espasyo upang manalangin, at pagnonobena ng mga manggagawang Pilipino (OFW) upang panatilihin ang pananampalataya sa isang banyagang lugar. Gamit ang proseso ng Mabathalang pag-aaral ni de Mesa, pinagtalab ang karanasan at gawi sa pananalangin ng mga Pilipinong manggagawa, at ang katangian ng pagkakatayo ng mga pisikal na istruktura ng simbahan. Deskriptibo ang pag-aaral na gumamit ng pagsusuri sa literatura, sarbey, pakikipanayam, at pagmamasid. Bilang isang pastoral na pagninilay, natuklasan na ang mga Pilipinong manggagawang Katoliko-Kristiyano ay nakatatagpo ng tahanan sa pamamagitan ng pagpunta sa mga sagradong espasyo, at pagnonobena, dahil ipinapaalala ng mga gawi na ito ang kanilang kinagisnang pananampalataya. Naisasamo nila ang kanilang saloobin sa pananalangin at nakatutulong ito sa kanila upang humugot ng lakas gawing kusang sakripisyo kalakip ng pagmamahal ang kanilang pagtatrabaho, kahit malayo sa mga mahal sa buhay. Samantala, ang istruktura ng bahay dalanginan, kalakip ang mga adorno, at kagamitan ay nakatutulong madama ang kapayapaan sa pananalangin. Naging hamon man para sa mga Pilipinong manggagawa na isabuhay ang pananampalataya sa banyagang konteksto, masasabing malaking papel ang ginagampanan ng mga gawi upang magkaroon ng paraang panatilihin ang kinagisnang pananampalataya.

**Susing Salita:** sagradong espasyo; pagnonobena; OFW; istrukturang pisikal

## 1. PANIMULA

Walang saysay ang pananampalatayang hindi isinasabuhay (Santiago 2:14-16), gayunpaman, isang hamon ang pagsasakilos ng pananampalataya kung ang kapwang nakapaligid ay may ibang paniniwala. Sinikap siyasatin ng papel na ito ang naging gampanin ng pagpunta sa mga sagradong espasyo upang manalangin, at pagnonobena ng mga manggagawang Pilipino upang panatilihin ang pananampalataya sa isang banyagang lugar.

Binigyang kahulugan sa pag-aaral na ito ang sagradong espasyo na pook tagpuan ng sarili at ng kanyang kinikilalang higit na nakatataas sa kanya, ang Banal, na maaari niyang makaugnay o makadaupang-loob habang siya ay nananalangin. Sa konteksto ng relihiyong Katoliko, ang simbahan ang sagradong espasyo ng bawat mananampalataya.

Ang mga Pilipinong manggagawa sa bansang hindi nakararami ang kabilang sa pananampalatayang Katoliko ay kinakailangang makibagay sa bagong kapaligiran, kabilang na ang pagtanggap, at paggalang sa iba't ibang pananampalataya. Gayunman, nakatatagpo ba sila ng tahanan sa pagpunta sa mga simbahang Katoliko? Ano ang naging papel ng gawi na ito sa pagpapanatili ng kanilang pananampalatayang kinagisnan? Bukod dito, may iba pa bang naibubunga

ang pagpunta sa mga sagradong espasyo, at pagtutuloy ng kinagisnang gawi tulad ng pagnonobena?

## 2. PAMAMARAAN

Gamit ang proseso ng Mabathalang pag-aaral, "doing theology" ni de Mesa (2014), pinagtalab ang karanasan ng mga Pilipinong manggagawa na Katoliko-Kristiyano kaugnay ng kanilang gawi sa pananalangin sa mga sagradong espasyo at pagnonobena; at mga katangian ng pagkakatayo ng pisikal na istruktura ng simbahan. Deskriptibo ang pag-aaral na gumamit ng pagsusuri sa literatura, sarbey, pakikipanayam, at pagmamasid.

Kinapanayam at binigyan ng sarbey ang pitong piling Pilipinong manggagawa o *overseas Filipino workers* (OFW) na nagtatrabaho sa Singapore, na kabilang sa pananampalatayang Katoliko. Naglilingkod sila bilang mga manggagawa sa ospital at konstruksiyon: 5 nurse aid, at 2 architectural coordinator, 3 lalaki, at 4 na babae. Sila na nagsisipagdalo ng banal na misa sa ibang bayan na di Kristiyano ang karamihan at naging tapat sa gawi ng pagsisimba at pagdalo ng nobena, partikular ang Nobena sa Birhen ng Awa tuwing Sabado, bago ang misa na pang-kinabukasan o *anticipated mass*.

Kahit nagbanggit ng ilang simbahan ang mga kalahok, ang pinagtuunan na sagradong lugar upang siyasatin ay ang Simbahan ng *Our Lady Star of the Sea*, sa Yishun Singapore dahil ito ang naging palagiang pinupuntahan ng mga kalahok. Personal na nagmasid ang mga mananaliksik sa simbahan.

## 3. NATUKLASAN AT TALAKAYAN

### *3.1 Ang Katolikong Simbahan sa Singapore*

#### *3.1.1 Dahilan sa Pagpili ng Simbahan*

Bago isalarawan ang simbahan ng *Our Lady Star of the Sea*, mainam na ilatag ang mga dahilan sa pagpili ng kalahok sa simbahan na ito, na matutunghayan sa Talahanayan 1.

Talahanayan 1 - Dahilan sa Pagpili ng Simbahan Pinupuntahan upang Manalangin

| Dahilan sa Pagpili ng Lugar Dalanginan | Bilang ng Sagot | % (Bahagdan) | Antas |
|---|---|---|---|
| Malapit sa tirahan | 5 | 71.43% | 1 |
| Malapit sa pinapasukang trabaho | 2 | 28.57% | 2 |
| Maraming Pilipino ang nagsisimba | 1 | 14.29% | 3 |

Sa mga dahilang binanggit sa pagpili ng simbahan, nangingibabaw ang aspektong praktikal. Nais ng mga OFW na malapit ito sa kanilang tinutuluyan at hanap-buhay. Pumapangalawa lamang ang aspektong sosyal, na hangad nilang makisalamuha sa kapwa Pilipino.

#### *3.1.2 Pagtingin ng mga OFW sa simbahang pinupuntahan*

Talahanayan 2 - Paglalarawan sa Simbahang Kinagawiang Puntahan

| Katangian ng Lugar Dalanginan | Bilang ng Sagot | % (Bahagdan) | Antas |
|---|---|---|---|
| Solemn / tahimik / malayo sa kalsada | 7 | 100% | 1 |
| Malinis | 3 | 42.86% | 2.5 |
| Maayos / organisado | 3 | 42.86% | 2.5 |
| Mahusay ang Koro / Mahusay na "Community Worship | 2 | 28.57% | 4 |
| Maraming nagsisimbang ibang lahi / nagkakaroon ng kaibigan | 2 | 28.57% | 4 |
| Malapit / madaling puntahan | 2 | 28.57% | 4 |
| Malamig (*aircon*) | 1 | 14.29% | 8 |
| Malaking espasyo | 1 | 14.29% | 8 |
| Maganda ang sound system | 1 | 14.29% | 8 |

Makikita sa mga katangiang ibinigay ng mga kalahok ang positibong pagtingin sa simbahang kanilang pinupuntahan batay sa kanilang panlabas na kamalayan (*external senses*). Pangunahin ang

pakiramdam na mapayapa o *solemn*, pangalawa ang pagtingin sa kaayusan at kalinisan ng paligid, at pangatlo, ang magandang himig ng komunidad na sumasamba sa tulong ng koro. Pumapangatlo rin ang pakiramdam na bukas ang nagsisipagdalo sa simbahan sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang lahi. Samantala, kahit ilan lamang ang nagbanggit, ang malamig at maginhawang pakiramdam dulot ng malaking espasyo at *aircon*, at ang maayos na *sound system* ay nakatutulong upang anyayahan ang mga Pilipinong manggagawa na magtungo sa simbahan.

#### *3.1.3 Pisikal na Pagsasalarawan sa Sagradong Espasyo ng Our Lady, Star of the Sea*

Ang simbahan ng *Our Lady, Star of the Sea* sa Yishun Singapore ay hinubog sa disenyong sumusunod sa katangian ng paglalayag at ng karagatan, tapat sa pangalan ng pintakasi ng parokyang ito, ang Birhen ng Karagatan. Ang hugis ng Simbahan ay isang barko. Malaki ang hubog at pahaba na pakipot sa dalawang dulo ang bungad at dulo, katulad ng isang barkong panlayag (Karthigesu, n.d.). May mga bilog na bintana sa magkabilang gilid, na pinaglalagusan ng sinag ng araw. Ang mga bintanang ito na *stained glass* ay may disensyong naglalarawan ng bawat yugto ng daan ng krus. Sa harapan at labas ng simbahan kung saan pumapasok ang mga tao ay nakaukit sa bato ang Griyegong simbolo ng Christos o mas kilala bilang Chi Rho, dalawang malaking letra na X (chi) at P (rho) na magkapatong sa isa't isa at nagtatagpo sa gitna ng chi. Ang Chi Rho sa unahang bahagi ng simbahan ay nakahilig paabante na tila unahan ng barko. Ang katapat ng Chi Rho na ito sa loob ng altar ng simbahan ay malaking krus na nasa *stained glass*. Ang pintuan sa unahang bahagi ng simbahan ay nakaharap sa Silangan. Tumatagos ang sinag ng araw sa lahat ng mga bintana na nakaharap dito. Sa magkabilang bahagi ng altar, makikita ang dalawang larawan: ang Ina ng Laging Saklolo sa kaliwa *(Our Lady of Perpetual Help)*, at ang Dakilang Awa ng Diyos *(Divine Mercy)* sa kanan.

Ang karakter ng gusali na isinunod sa pangalan ng pintakasi, *Our Lady Star of the Sea*, ay isang halimbawa ng modernong arkitektura, sapagkat ginawa ang gusali na kumuha ng inspirasyon sa isang bangka na kumakatawan sa agwat ng dagat ng Sembawang at sa ugnayan ng sinaunang Simbahan sa base militar ng Inglatera. Itinuturing ang simbahang ito na nag-ugat sa komunidad ng mga sinaunang pamilya sa Yishun at Sembawang na naghahanap-buhay sa base militar, na *Singapore Naval Base* (https://roots.sg). Modernong arkitektura ang simbahan na gumamit ng makabagong teknolohiya sa pagbuo lalo na ng *glass* at *reinforce concrete*. Bukod dito, ang disensyo ng loob at labas ng simbahan ay sumunod sa estilong sapat lamang (*minimalist*), o ang pagiging payak sa disenyo na tanging nagpapanatili ng mga esensiyal, kung ano lamang ang mahalaga. Ang ganitong kaisipan sa modernong arkitektura ay isinulong ni Ludwig Mies van der Rohe (1886-1969), isang Aleman at Amerikanong arkitekto, sa paniniwalang "less is more" (Driscoll, 2012). Kahit pili lamang o hindi maraming adorno ang palamuti sa loob at labas ng *Our Lady Star of the Sea*, napananatili ng kapayakang ito ang *ambiance* na kinakailangan sa pananalangin.

Binanggit din ng mga OFW na ang maluwag na espasyo ng simbahan, at ang malamig na temperatura sa loob nito ay nakatutulong sa kanila upang mahikayat manalangin.

### *3.2 Nakagawian ng mga OFW na Pagsasabuhay ng Pananampalatayang Katoliko-Kristiyano sa Bansang Banyaga*

#### *3.2.1 Ang Pagpunta sa Simbahan*

Dalawang tema ang lumabas na pangunahing bunga o naitutulong sa mga Pilipinong manggagawa ng kanilang pagpunta sa simbahan: konseptong nakaugat sa loob, at konseptong pang-ugnayan. Makikita sa Talahanayan 3 ang detalyadong sangkap sa kanilang sagot.

Talahanayan 3 – Bunga ng Pagpunta sa Simbahan ng mga Pilipinong manggagawa

| Bunga | Bilang ng Sagot | % (Bahagdan) | Antas ayon sa kategorya |
|---|---|---|---|
| Bungang nakaugat sa loob | 6 | 85.71% | 1 |
| Magaang pakiramdam / ligaya / kapayapaan | 4 | 57.14% | 1 |
| Kalakasan | 2 | 28.57% | 2 |
| Bungang pang-ugnayan (*relational*) | 5 | 71.43% | 2 |
| Mabuting ugnayan sa Diyos (*katapatan bilang Kristiyano / napapalapit sa* | 3 | 42.85% | 1 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Diyos*) | | | |
| Mabuting ugnayan sa kapwa (*pakikipagkaibigan / pakikisalamuha sa kapwa Pilipino at ibang lahi*) | 2 | 28.57% | 2 |
| Wala | 1 | 14.29% | 3 |

Para sa mga Pilipinong manggagawa, bukod sa gumagaan ang kanilang kalooban sa tuwing pumupunta sa Simbahan. Kapag ginagawa nila ito, sila ay nagkakaroon ng lakas na harapin ang buhay sa ibang bansa. Ayon nga sa dalawang kinapanayam, gumagaan ang kanilang pakiramdam kahit may malaking problema sa trabaho, at napaglalabanan nila ang pangungulila sa pamamagitan ng dasal at pagsisimba. Napapalapit sa Diyos, kaya nakakaya nilang harapin ang lahat. Napaglalabanan ang lungkot, at nagkakaroon ng pagkakataong makipagkaibigan sa kapwa Pilipino at ibang lahi.

### *3.2.2 Ang Pagnonobena*

Sa Pilipinas, isa sa gawing debosyonal at kinagisnan ng Pilipinong Katoliko ang pagnonobena sa Ina ng Laging Saklolo tuwing Miyerkules (CBCP, KPK#1469). Ngunit sa bansang Singapore, ginagawa ito ng mga Katoliko tuwing Sabado bago magmisa ng takip-silim o mas kilala sa Pilipino na *anticipated* Mass, misa na pang-kinabukasan. Ito ay ginagawa sa Singapore sa mas mahabang oras, ikaapat hanggang ikalima ng hapon, at kinapapalooban pa ng maraming dasal sagutan at awit.

#### *3.2.2.1 Dahilan ng Pagnonobena*

Ipinakikita sa Talahanayan 4 ang tatlong pangunahing dahilan sa pagnonobena ng mga OFW.

Talahanayan 4 – Dahilan sa Pagnonobena ng mga Pilipinong manggagawa

| Dahilan | Bilang ng Sagot | % (Bahagdan) | Antas |
|---|---|---|---|
| Paghingi ng gabay | 4 | 57.14% | 1 |
| Paghingi ng tulong | 2 | 28.57% | 2.5 |
| Pasasalamat | 2 | 28.57% | 2.5 |

Nanguna sa dahilan ng pagnonobena ng mga OFW ang paghingi ng patnubay: sa pagdedesisyon, at sa pang-araw-araw na buhay. Humihiling sila ng kaligtasan laban sa kapahamakan, hindi lamang para sa kanila, kundi lalo na para sa kanilang pamilya. "Gabayan ang mag-ina ko, lalo na 'yong anak ko." Humihingi rin sila ng partikular na biyaya, tulad ng katuparan ng pangarap ng pamilya, at hindi nila kinaliligtaan ang pagpapasalamat.

#### *3.2.2.1 Bunga ng Pagnonobena*

Tumutugma ang tugon ng mga kalahok sa naging bunga ng pagnonobena sa kanilang buhay, maging sa kanilang pakikipagsapalaran sa bansang dayuhan. Makikita ito sa Talahanayan 5 at 6.

Talahanayan 5 – Bunga ng Pagnonobena ng mga Pilipinong manggagawa

| Bunga ng Pagnonobena | Bilang ng Sagot | % (Bahagdan) | Antas |
|---|---|---|---|
| Kapanatagan (*kapayapaan ng isip at kalooban, kaligayahan, malaking pag-asa, kalakasan ng loob sa harap ng suliranin*) | 4 | 57.14% | 1 |
| Magandang trabaho | 3 | 42.86% | 2 |
| Malusog na pangangatawan | 2 | 28.57% | 3.5 |
| Katugunan sa panalangin | 2 | 28.57% | 3.5 |

Talahanayan 6 – Natutulong ng Pagnonobena ng mga Pilipinong manggagawa sa Pakikipagsapalaran sa Bansang Dayuhan

| Tulong ng Pagnonobena sa kanilang Pakikipagsapalaran sa Ibang Bansa | Bilang ng Sagot | % (Bahagdan) | Antas |
|---|---|---|---|
| Matibay na pananampalataya | 2 | 28.57% | 1.5 |
| Katatagan | 2 | 28.57% | 1.5 |
| Mahabang pasensiya *(sa mga pasiyente)* | 1 | 14.29% | 4.5 |
| Pagpapakumbaba | 1 | 14.29% | 4.5 |
| Gabay | 1 | 14.29% | 4.5 |
| Katugunan sa panalangin | 1 | 14.29% | 4.5 |

Natatamo ng mga Pilipinong manggagawa na nagnonobena ang kanilang inaasahan. Pangunahing

naidudulot nito sa kanila ay ang katatagan ng kalooban, at matibay na pananampalataya. Ayon nga sa kanilang tugon, "mas naging matibay ang pananampalataya ko, dahil mahirap ang buhay sa ibang bansa lalo pa at ako lang mag-isa, kay God lang ako tumatawag at lumalapit." "maraming naitutulong sa akin ang pagnonobena... lalo na sa pang-araw-araw na pakikibaka sa buhay, at trabaho... mahabang pasensiya sa mga pasiyente." Samantala, tatlo sa mga kalahok ang nag-ugnay sa pagnonobena sa kanilang pagkakaroon ng magandang oportunidad na makapagtrabaho sa ibang bansa, at maging maayos ang kanilang kondisyon dito.

### *3.2.3 Paraan ng Pagsasabuhay ng Pananampalataya ng mga OFW*

Bukod pa sa pagsisimba at pagnonobena, narito sa Talahanayan 7 ang iba pang mga tugon ng mga OFW kung paano nila naisasabuhay ang kanilang pananampalatayang Katoliko-Kristiyano, pati ang ilang mungkahi sa pagsasagawa nito sa Talahanayan 8.

Talahanayan 7 – Iba pang Paraan ng Pagsasabuhay ng Pananampalataya

| Paraan ng Pagsasabuhay | Bilang ng Sagot | % (Bahagdan) | Antas |
|---|---|---|---|
| Pananalig sa Diyos at sa Kanyang Kalooban | 5 | 71.43% | 1 |
| Pakikibahagi sa mga gawaing Katoliko kahit nasa ibang bayan *(Fasting/Abstinence tuwing Kuwaresma)* | 1 | 14.29% | 2.5 |
| Mabubuting gawa *(mabait, mapagbigay, matulungin sa kapwa)* | 1 | 14.29% | 2.5 |

Binigyang diin sa kanilang tugon ang pagpapanatili ng matibay na pananalig sa Maykapal at sa Kaniyang mabuting kalooban, gayundin ang pagsasagawa ng mabuti bilang pagpaparanas ng pagmamahal at pasunod sa mga aral na kinagisnan. Pinagpapasalamat nila ang bawat araw na lumilipas. "Maniwala ka lang at lahat aayon." "Sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti, maipapakita ang pagmamahal sa kapwa at masusunod mo ang katuruan ng pananampalatayang Katoliko."

Talahanayan 8 – Mga Mungkaing Paraan upang Isabuhay ang Pananampalataya kahit nasa ibang Bansa

| Mungkahing Paraan ng Pagsasabuhay | Bilang ng Sagot | % (Bahagdan) | Antas |
|---|---|---|---|
| Manalig nang tapat | 3 | 42.85% | 1 |
| Matutong magpasalamat | 2 | 28.57% | 2 |
| Magdasal palagi | 1 | 14.29% | 4.5 |
| Huwag magpadala sa tukso | 1 | 14.29% | 4.5 |
| Magmahalan | 1 | 14.29% | 4.5 |
| Maging totoo | 1 | 14.29% | 4.5 |

Makikita sa Talahanayan 7 at 8 na nagtutugma ang kanilang iba pang paraan ng pagsasabuhay ng pananampalataya, at mga mungkahing paraan ng pagsasabuhay. Pangunahin ang pakikipag-ugnayan ng kanilang sarili sa Diyos na pinapangalawahan ng mabuting pakikitungo sa kapwa.

Ang mga mungkahing ibinigay ng mga OFW ay hindi iba sa aral ni Kristo tungkol sa pag-ibig sa Maykapal at kapwa, gayunman, sadyang may mga aral na kailangan ng pagpapaalala. Ayon nga kay de Mesa, maraming katekismo para sa mga bata, ngunit dapat munang muling matutunan ng mga matatanda (2011).

## *3.3 Ang Papel ng Pagtungo sa mga Sagradong Espasyo ng Pananalangin, at Pagnonobena sa Pagsasabuhay ng Pananampalatayang Katoliko-Kristiyano*

Ayon sa mga kinapanayam na mga Pilipinong manggagawa, hindi naman lahat sa mga OFW na Katoliko ay nagsasabuhay ng kanilang kinagisnang pananampalataya sa ibang bansa. Gayunman, sila na naging kalahok sa pag-aaral na pinili dahil sila ay may gawi ng pagpunta sa mga sagradong espasyo upang manalangin, ay nagsabi na malaki ang naitulong nito sa kanila, hindi lamang dahil naisasabuhay nila ang kanilang paniniwala, kundi nagbibigay ito sa kanila ng ibayong lakas at katatagan ng kalooban panindigan ang kanilang desisyong mangibang bayan alang alang sa pamilya, sarili at pag-asa ng mas mabuting hinaharap.

Hindi lahat ng mga kalahok ay nakapagnonobena tuwing Sabado, kung ito ay natatapat sa kanilang panghapong *shift* sa trabaho, ngunit, sinisikap nila na manalangin at sumaglit sa simbahan. Samantala, may ilang kalahok na hindi naman laging nagnonobena noong sila ay nasa Pilipinas pa, ngunit nagkaroon ng ganitong gawi sa Singapore. Malaking

tulong para sa kanila ang *ambiance* ng kabanalan, na inilarawan nila sa mapayapa (*solemn*), malinis at komportableng paligid. Binanggit ng isang kalahok ang pag-iinsensyo at pag-awit ng himno (*chant*) habang nagnonobena na nakapag-anyaya sa kanyang balik-balikan ang debosyon na ito tuwing Sabado, bukod pa sa katatagan, gabay at tulong na natatamo niya sa pananalangin sa Diyos sa pamamagitan ni Inang Maria. Ang modernong arkitektura ng simbahan na *minimalist* ang konsepto ay nakakatulong din upang maituon ng mga Pilipinong mananampalataya ang kanilang atensiyon sa pananalangin. Sapat na adorno, simple at kung ano lamang ang kailangan. Ayon nga sa Sacrosanctum Concillium #125, mahalaga ang paglalagay lamang ng sapat (*moderate*) na adorno, upang hindi ito magdulot ng pagkalito at maalis ang tuon sa hangaring makipag-ugnay sa Maykapal (Papa Paulo VI, 1963).

Ganap ang pagsasabuhay ng pluralismo ng relihiyon sa Singapore at magkakalapit ang mga sagradong espasyo ng pananalangin, tulad ng sa Yishun Avenue. Malapit ang *Darul Makamur Mosque* sa simbahan ng *Our Lady Star of the Sea*, samantalang may tatlong simbahan ng ebanghelikal na Kristiyano sa magkakabilang kanto, ang *Yishun Christian Church*, *Evangel Family Church* at *Yishun Evangelical Church*. Binibigyan ng pagkakataon ang mamamayan, taal na tagaroon man, o dayuhang manggagawa tulad ng Pilipino upang makapagsabuhay ng kanilang pananampalataya.

Mapag-anyaya at malugod ang pagtanggap sa mga Katoliko sa simbahan sa Singapore. Iba't ibang lahi na Katoliko ang nagsisimba at nagnonobena. Dito nakakikilala ang OFW ng kapwa OFW, at mga ibang lahi na nagiging kaibigan nila. Ang simbahan rin ay malapit sa tinutuluyan at pinagtatrabahuhan, at madaling mapuntahan gamit ang pampublikong sasakyan (bus at mrt). Ayon sa panayam, hindi ito katulad ng mga simbahang Katoliko sa Malaysia, dahil kailangan pang sadyain.

Bilang isang pastoral na pagninilay, natuklasan na ang mga Pilipinong manggagawang Katoliko-Kristiyano ay nakakatagpo ng tahanan sa pamamagitan ng pagpunta sa mga sagradong espasyo, at pagnonobena, pagkat ipinapaalala ng mga gawi na ito ang kanilang kinagisnang pananampalataya. Naitataas nila ang kanilang saloobin sa pananalangin at nakatutulong ito sa kanila upang humugot ng lakas gawing kusang sakripisyo kalakip ng pagmamahal ang kanilang pagtatrabaho, kahit malayo sa mga mahal sa buhay.

## 4. KONKLUSIYON

Naging hamon man para sa mga Pilipinong manggagawa na isabuhay ang pananampalataya sa banyagang konteksto dulot na rin ng panibagong pakikibagay, at pangungulila sa mga mahal sa buhay, masasabing malaking papel ang ginagampanan ng mga gawi ng pananampalataya tulad ng pagpunta sa mga sagradong espasyo: pagsisimba, pagnonobena, pananalangin, upang panatilihin ang kinagisnang pananampalataya, at makatagpo ng tahanan sa piling ng kapwa na mananampalatayang Katoliko-Kristiyano.

## 5. PASASALAMAT

Salamat kay Herminia Javier, at Sr. Ma. Elizabeth Butay, MCST, PhD sa tulong sa pagwasto ng baybay sa Filipino at sa pagbibigay inspirasyon sa pag-aaral na ito; sa Simbahan ng *Our Lady Star of the Sea* sa Yishun Singapore, at sa Poong Maykapal.

## 6. SANGGUNIAN

de Mesa, J. M. (2011). *Isang maiksing katesismo para sa mga bata (na dapat munang pag-aralan ng matatanda)*. Maynila: Aklat Ginhawa.

de Mesa, J. M. (2014). *Mabathalang pag-aaral, ang pagteteolohiya ng Pilipino* (2014). Maynila: Vee Press division of Vibal Foundation, at De La Salle University.

Driscoll, M. (2012). "Ludwin Mies van der Rohe: Father of less is more architecture." Mula sa *The Christian Science Monitor*, https://www.csmonitor.com/Technology/Tech-Culture/2012/0327/Ludwig-Mies-van-der-Rohe-Father-of-less-is-more-architecture.

Karthigesu, T. (n.d). *Yishun Sembang trail brochure*. Yishun: National Heritage Board and Housing Development Board.

Papa Pablo VI (1963). *Constitution on Sacred Liturgy Sancrosanctum Concillium.* Libreria Editrice Vaticana. Mula sa: http://www.vatican.va/archive/hist_councils/ii_vatican_council/documents/vat-ii_const_19631204_sacrosanctum-concilium_en.html

Pilipinong Manggagawa. (2018, Mayo 3-5). *Panayam sa tatlong kalahok, sa paksang pagsasabuhay ng pananampalataya sa ibang bansa*.

*Roots Our Lady Star of the Sea*. Mula sa https://roots.sg/Content/Places/landmarks/yishun-sembawang-heritage-trail/church-of-our-lady-star-of-the-sea